Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

# UNIFIED MATERIALS

# ARALING PANLIPUNAN

This is a Government Property. Not For Sale

Writers: Ronelia R. Rugas / Irel V. Almanon

Illustrators:

Layout Artists:

Content Editors: Jovy A. Swing

Language Editors: Jovy A. Swing

Management Team:

Regional Director : Malcolm S. Garma

SDS : Romela M. Cruz

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Alyn G. Mendoza

Regional EPS (Araling Panlipunan): Andrew E. Tan

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Araling Panlipunan): Ceasar A. Nachor

SDO LR : Ruby E. Baniqued

Regional Librarian : Nancy S. Mabunga

PDO II - LRMDS : Dorothy Grace I. Reyes

Librarian II : Calixto N. Camangeg

## ARALIN 1: Mga Hamon at Suliranin sa Kasarinlan Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

**INAASAHAN:**

1. Nasusuri ang mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarinlan, pagkatapos ng ikalawang Digmaang Pandaigdig.
2. Natatalakay kung paano natugunan ang mga pangunahing suliranin at hamon sa kasarinlan ng bansa.
3. Natutukoy ang mga naging pagtugon sa mga suliranin at hamon ng kasarinlan ng bansa.

### UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Punan ang talaan kaugnay ng iyong nabuong pag-unawa tungkol sa mga pangyayaring dulot ng ikalawang digmaang pandaigdig na naging sanhi ng suliranin at hamon na kinaharap ng Pilipinas bilang nagsasariling bansa.

| Mga Pinsalang Iniwan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig | Kalagayan | Naging Pagtugon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

### BALIK-TANAW

Sa kabila ng masalimuot na landas na tinahak ng Pilipinas sa malupit na mga Hapon, nagpatuloy pa rin ang pag-alab ng damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan. Gayon pa man, hindi parin tuluyang nakalaya ang ating bansa sa impluwensiya na nagdulot ng patuloy na negatibong epekto sa kultura, ekonomiya, at politika ng bansa .Ang kaganapang nito ay nagsilbing hamon sa Pilipinas bilang isang nagsasariling bansa.

Bilang isang **batang mag-aaral** sa panahon ngayon, paano mo maipamalas ang kahalagahan ng kalayaang ipinaglaban ng mga magigiting na Pilipino?

### MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naitala ang Pilipinas bilang isa sa mga bansang pinaka napinsala ng digmaan. Dahil dito, ang lubos na kaligayahan ng mga Pilipino sa pagkamit ng kalayaan ay naging kalakip ng pagharap sa matinding hamon upang maisalba ang ekonomiya ng bansa.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

Kaya naman,nang maging ganap na Republika ang Pilipinas noong 1946 ay naharap ito sa malalaking suliranin tulad ng sumusunod:

1. Pagsasagawa ng malawakang pagbabagong-tatag upang muling maibangon at maitayo ang mga nawasak na mga tirahan at gusali.
2. Paglutas sa malaking suliranin ng kakulangan sa mga hayop na gagamitin sa pagsasaka na nangamatay dahil sa digmaan.
3. Pagsasaayos sa mga lupang sakahan upang muling mapakinabangan at mapagtamnan.
4. Paglutas sa suliranin sa salapi dulot ng pagkabangkarote sa panahon ng Hapones.
5. Pagsasaayos ng mga industriyang nasira,pag-aangkat ng bagong makinarya.
5. Pag-aangkop ng Sistema ng Edukasyon sa bagong kalagayan ng bansa.
7. Naapektuhan ang pagpapahalagang moral at espiritwal ng mga Pilipino dahil sa pananakop ng mga Hapones at ng ikalawang digmaang pandaigdig.

**SULIRANING PANGKABUHAYAN AT PANLIPUNAN**

Ayon sa pagsusuri ng mga pinsala,Tinatayang pangalawa ang Pilipinas sa Warsaw, Poland sa lawak ng pinsalang natamo nang bagsakan ito ng mga bomba. Nasunog ang ilang kilala at mahalagang gusali sa Maynila tulad ng *Philippine General Hospital* (PGH), Unibersidad ng Pilipinas, at Batasan.

Sadyang malaki ang pagbabago ng takbo ng kalakalan at kalinangan sa muling pagtatatag ng lungsod mula sa abo ng digmaan. Ang Intramuros, na dati rati ay sentro ng kultura at politika ay naging bodega na lamang ng mga kompanyang nagkakargamento at naging tirahan ng mga informal settlers.

Sa kabila ng malaking pinsalang nangyari sa Maynila ay marami pa ring mga tao mula sa mga probinsya ang nagsilipat dito. Bunga nito, patuloy na nagsikip ang Kamaynilaan at ang Lungsod Quezon. Batay sa ginawang pagsusuri sa demograpiya ng bansa ang mabilis na paglaki ng populasyon sa mga pook-urban ay nagdulot ng malaking suliranin sa pagsisikip at kakulangan sa tirahan. Nagtayo ang karamihan ng kanilang tirahan sa mga estero, tabi ng riles ng tren, sa gilid ng mga parke, sa mga ilalim ng tulay, at sa mga bakanteng loteng pag-aari ng bayan o ng pribadong mamamayan. Naging laganap na problema ang isyu ng “squatting.” Itinatag ng pamahalaan ang Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-tirahan at Pagsasaayos (*National Resettlement and Rehabilitation Administration* o NARRA) bilang tugun sa suliranin. Ang ahensiyang ito ang nangangasiwa sa paglilipat ng mga *informal settler* sa iba’t ibang pook sa labas ng Maynila. Kaugnay nito, binigyang-tuon ng pamahalaan ang pagpapaunlad ng mga rural upang maganyak ang mga taong manatili dito. Kaya noong 1955, tinatayang 8,800 pamilya ang nailipat ng tirahan sa 22 proyektong pook-tirahan sa buong kapuluan.

**(*Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.*)**

## GAWAIN 1

**Panuto:** Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| *Parity Rights* | Hukbalahap | *Squatting* |
| Manuel A. Roxas | NARRA | *Bell Trade Act* |

______1. Siya ang unang naging pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas.
______2. Ano ang naging malaking problema o isyu sa tirahan sa Maynila pagkatapos ng digmaan?
______3. Ano ang tawag ukol sa pagkakaloob ng Republika ng Pilipinas ng pantay na karapatan sa mga Amerikano at Pilipino na maglinang at gumamit ng likas na yaman ng Pilipinas?
______4 Upang masolusyunan ang problema sa mabilis na pagdami ng mga informal settlers sa Maynila, ano ang itinatag ng pamahaalan?
______5. Ito ang tawag sa pangkat ng komunistang naghasik ng takot at terorismo sa Pilipinas sa panahon ng pamumuno ni Pang.Roxas kung kaya itinuring silang banta sa seguridad ng ating bansa .

## GAWAIN 2

**Panuto:** Sa iyong palagay, lubos bang nakatulong ang mga kasunduang Pilipino-Amerikano sa pagsulong at seguridad ng ng ating bansa?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## TANDAAN

Noong 1946 ang Bansang Pilipinas ay naharap sa malalaking suliranin tulad ng sumusunod:

1.Malawakang pagbabagong-tatag upang muling maibangon at maitayo ang mga nawasak na mga tirahan at gusali.
2.Paglutas sa malaking problema sa pagkakaroon ng malaking kakulangan sa mga hayop na gagamitin sa pagsasaka na nangamatay sanhi ng digmaang pandaigdig.
3.Pagsasaayos ng mga sakahan at taniman upang muling mapakinabangan.
4.Pagresolba sa suliranin sa salapi dulot ng pagkabangkarote ng pamahalaan sanhi ng pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas.
5. Pagsasaayos ng mga industriyang nasira sa pamamagitan ng pagbili ng bagong makinarya; At Pag-aangkop sa Sistema ng E.dukasyon.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Iguhit ang  sa patlang, na tumutukoy sa mga hamong kinaharap ng Aministrasyon Roxas, pagkatapos ng ikalawang Digmaang Pandaigdig.

______1.Mga pinsalang iniwan ng ikalawang digmaang pandaigdig
______2.Pagharap sa pwersa ng hukbalahap sa pamumuno ni Luis Taruc.
______3 Pagtugon sa isyu ng kolaborasyon partikular na si pang. Jose P. Laurel
______ 4.Pagsunod sa mga patakarang Pilipino-Amerikano
______5. Pagpabor sa mga Amerikano sa Pilipinas.

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( **/** ) kung ang ipinapahayag ay mga pagtugon sa hamon at suliraning isinagawa ng pamahalaan matapos ang ikalawang Digmaang Pandaigdig.

______1. Pagsasagawa ng malawakang pagbabagong-tatag upang ibagon muli at maisaayos ang mga nawasak na mga tirahan at gusali.
______2. Ang pamahalaan ay humingi ng tulong sa iba't ibang bansa upang maisaayos ang mga nasira ng digmaan.
______3. Paglutas sa malaking suliranin ng kakulangan sa mga hayop na gagamitin pagsasaka na nangamatay dahil sa digmaan.
_____4. Pagsasaayos ng mga taniman at sakahan upang muling mapakinabangan
______5. Paglutas sa suliranin sa salapi dulot ng pagkabangkarote ng pamahalaan sanhi ng pananakop ng mga Hapones.
______6. Pagsasaayos ng mga industriyang nasira, at makinarya.
______7. Pinabayaan ang mga nasirang gusali at mga lupain dulot ng himagsikan
______8. Pag-aangkop ng Sistema ng edukasyon sa bagong kalagayan ngbansa.
______9. Naapektuhan ang pagpapahalagang moral at espiritwal ng mga Pilipino dahil pananakop ng mga Hapones at ng ikalawang digmaang pandaigdig.
_____10. Pagpapagawa ng mga gusali na pag-aari ng mga dayuhan sa Pilipinas

**ARALIN 2 :** Ang iba't ibang reaksyon ng mga Pililpino sa mga Epekto ng pagsasarili ng bansa

**INAASAHAN:**

1. Natatalakay ang mga hamon, suliranin at isyu ng kalayaan ng bansa.
2. Natutukoy ang mga naging reaksiyon ng mga Pilipino sa di pantay na kasunduang Pilipino- Amerikano.
3. Napahahalagahan ang mga naging reaksiyon at pagtugon sa mga naging suliranin at hamon ng kasarinlan ng bansa.
4.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) kung ang ipinapahayag ay mga naging reaksiyon ng mga Pilipino matapos ang ikalawang Digmaang Pandaigdig.

________1.Ang paghahari ng Neoloconialism
________2. Pagkakaroon ng Colonial Mentality
________3. Ang pagiging Pro-American ni Pangulong Roxas
________4. Pag kontrol ng mga Amerikano sa ating bansa_
________5. Ang di pagtangkilik sa mga gawang imported ng mga Amerikano

## BALIK-TANAW

Maraming suliranin ang kinaharap ng ikatlong Republika dulot ng epekto ng nagdaang digmaan, paano hinarap ito ng mga Pilipino?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### Ugnayang Pilipino-Amerikano sa Isyung Pang Militar At Kalakalan at Reaksiyon ng mga Pilipino

**PHILIPPINE REHABILITATION ACT**

Dahil sa matinding kahirapang naranasan ng Pilipinas pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay napilitan si Pangulong Manuel Roxas na tanggapin ang tulong pinansiyal na pinagkaloob ng mga Amerikano. Pinagtibay ng Kongreso ang *Philippine Rehabilitation Act* kung saan ipinagkaloob ng pamahalaang Amerikano ang halagang 620 milyon dolyar. Ang 120 milyon dolyar na bahagi ng halagang ito ay inilaan sa pagpapapagawa ng mga tulay, kalsada, at iba pang impraestruktura.

Bahagi rin nito ang 100 milyong dolyar na halaga ng mga lumang kagamitang pangmilitar na iniwan ng mga Amerikano sa bansa at halos hindi na mapapakinabangan. At ang natitirang 400 milyon naman ay ipagkakaloob o gagamitin bilang iskolarship ng mga Pilipinong ipadadala sa Estados Unidos upang mag-aral.

**KASUNDUANG BASE-MILITAR**

May Isa pang hakbang na ginawa ni Pangulong Manuel Roxas na nagbigay ng higit pang kapangyarihan sa Amerika na mahawakan ang bansa ay ang paglagda niya sa *Military Bases Agreement* (MBA) noong Marso 14, 1947 kasama si Embahador Paul McNutt. Itinatakda ng kasunduang ito ang pagpapahintulot na manatili sa Pilipinas ang 23 base-militar ng Amerika sa bansa. Ang ilan sa mga kilalang base-militar ng mga Amerikano sa bansa ay ang Clark Air Base sa Pampanga, *Subic Naval Base* sa Olongapo, Zambales at *Camp John Hay* sa Baguio. Higit pang lumakas ang pananatili ng kapangyarihang military ng mga Amerikano sa bansa nang lagdaan noong Marso 21, 1947 ang *Military Assistance Agreement*, at binigyan ng Pilipinas ang mga

Amerikano ng karapatan sa Hukbong Sandatahan ng Pilipinas.Nagkaroon ng iba't ibang reaksyon ang mga Pililpino dahil sa naging resulta sa pagsasarili ng bansa, ipinapahayag ang ilang di pantay na mga kasunduang ito. Naging balakid ang presensya ni Luis Taruc. Sa huli ay namayani ang mga sumang-ayon sa *parity rights.*

**REAKSIYON NG MGA PILIPINO**

Umani ng matinding batikos ang administrasyong Roxas mula sa mga Pilipino. Para sa marami ay naging Pro-American si Roxas na naging daan ng paghahari ng neocolonialism sa bansa. Ang neocolonialism ay isang paraan ng panghihimasok ng malalakas at makapangyarihang mga bansa sa pamamagitan ng paggamit ng panggigipit sa ekonomiya,politika,at iba pa para makontrol ang bagong-tatag na estado.

Bunga rin ng pananatili ng malawak na impluwensiya ng mga Amerikano sa buhay ng mga Pilipino tumindi ang pagkakaroon ng “colonial mentality” ang mga Pilipino. Mas tangkilikin ang mga gawang imported o stateside kaysa sa mga gawang lokal. Nakalimutan ng maraming Pilipino ang ganitong pag-uugali ay hindi makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.Naging matagumpay man si Pangulong Roxas sa kaniyang layuning makuha ang ponding rehabilitasyon sa Amerika para sa reparasyon ng Pilipinas dahil sa pinsalang nakamit nito. Hindi pa rin siya makaiwas sa pagpuna ng mga kritiko sa kaniyang mga desisyon na tila kumikiling sa mga Amerikano.

## GAWAIN 1

**Panuto:** Lagyan ng **<u>K</u>** kung ang ipinapahayag ay mga naging reaksiyon ng mga Pilipino matapos ang ikalawang Digmaang Pandaigdig at **<u>HK</u>** naman kung hindi

____1. Umani ng matinding batikos ang administrasyong Roxas mula sa mga Pilipino
____2. Nilagdaan noong Marso 21,1947 na higit na nagbigay ng karapatang manatili ang kapangyarihang military ng mga Amerikano sa Pilipinas .
____3. Dahil sa matinding kahirapan ng Pilipinas pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig tinanggap ni pang,Roxas ang tulong pinansiyal ng mga Amerikano.
____4. Pinagtibay ang Philippine Rehabilitation Act, para sa tulong pinansiyal.
____5. Tinangkilik ng mga Pilipino ang gawang imported ng mga Amerikano

## GAWAIN 2

. **Panuto**: Kung ikaw ay nabubuhay noong panahong bumabangon pa lamang ang bansa mula sa digmaan,ano ang iyong reaksyon sa mga kasunduang Pilipino-Amerikano sa pagsulong at pag-unlad ng ating bansa?Isulat ang sagot sa loob ng kahon at pahayag ang iyong opinyon.

____________________________________________________________
____________________________________________________________

(*Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)*

## TANDAAN

Umani ng iba't ibang reaksyon ng mga Pililpino sa mga epekto sa pagsasarili ng bansa na ipinapahayag ng ilang di pantay na mga kasunduan ito. Bunga rin ng pananatili ng malawak na impluwensiya ng mga Amerikano sa buhay ng mga Pilipino ay lalong tumindi ang pagkakaroon ng "colonial mentality" ang mga Pilipino

Marami ang mariing tutol sa ilang di pantay na kasunduan tulad ng Philippine Rehabilitation Act, Parity Rights at Kasunduang Base Militar sapagkat ito ay nangangahulugan ng pagpapanatili ng pangingibabaw ng Amerika sa ating bansa.Umani ng iba't ibang reaksyon ng mga Pililpino sa mga epekto sa pagsasarili ng bansa na ipinapahayag ng ilang di pantay na mga kasunduang ito.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Isulat sa patlang ang tamang sagot. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na salita.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Estados Unidos Parity Rights | *China* | umayon | tumutol |
| *Philippine Rehabilitation Act* | Kasunduang Base Militar | | |

1. Ang _________________ay ang pantay na karapatan ng mga Pilipino at Amerikano para linangin ang likas na yaman ng bansa.
2. Ang ______ay bayad pinsala sa mga nasira sa Pilipinas noong digmaan.
3. Ayon sa ______ang mga Amerikano ay may karapatang gumamit ng Base Militar sa at magtitiyak ng kontrol sa Hukbong sandatahan ng Pilipinas
4. Ang Kasunduang Base Militar ay sa pagitan ng Pilipinas at____________.
5. Bago ibigay ang kabayaran sa napinsala sa Pilipinas na bunga ng digmaan kailangan ___ang administrasyong Roxas sa mga panukalang batas ng Amerika

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panunto:** Isulat ang **TAMA** sa patlang kung ang ipinapahayag ay mga naging reaksiyon at pagtugon sa mga naging suliranin ng ating bansa at **MALI** naman kung hindi

_______1.Isang epekto ng nagdaang digmaan sa Pilipinas ay ang matinding hirap

_______2. Ang sira-sirang mga tulay at mga transportasyon ay nakatutulong sa pag - unlad ng bansa.

_______3. Mariing tinutulan ng makabayang kritiko katulad nina Senador Claro M. Recto at Jose P. Laurel ang nais ng mga Amerikano

_______ 4. Matinding kahirapan ang nagbunsod upang lagdaan ni Pangulong Manuel Roxas ang *Philippine Rehabilitation Act.*

_______ 5. Ang pagbagsak ng ekonomiya ng Pilipinas ay hindi naging sagabal sa bansa

**(*Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

## SANGGUNIAN

- Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino –pahina 194-208
  May akda–Ailene G. Baisa- Julian Nestor S. Lontoc
- Mga Hamon at Tugon sa Pagkabansa 6 – pahina 209-218
  May akda – Jay Son C. Batang
- Kayamanan 6 Batayan sa Araling Panlipunan 6 – ph. 179-181- May akda - Leonor D. Antonio, Evangeline M. Dano, Emma L. Baniayga

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

1. /
2. /
3. /
4. /
5.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali

**ASSESSMENT**

**Unang Pagsubok**

**Mga Pinsalang Iniwan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig**
- **Ang kasagutan ay naaayon sa Sagot ng bata**

**Kalagayan**
- **Ang kasagutan ay naaayon sa Sagot ng bata**

**Naging Pagtugon**
- **Ang kasagutan ay naaayon sa Sagot ng bata**

**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**

| | |
|---|---|
| 1. / | 7. |
| 2. | 8. / |
| 3. / | 9. / |
| 4. / | 10. |
| 5. / | |
| 6 / | |